21. Ama, sa magulong panahon ngayon hiling namin ang kapayapaan sap ag-iisip para sa mga nasa North Caucasus upang masuportahan nila ang bawat isa at hindi mapanghinaan. (1 John 4:11)

22. Panginoon, magdulot ka nawa ng katatagan at kalakasan para sa lahat ng nakikiisa sa gawain ng pananalangin ng TWR Women of Hope sa Norway. (Rom. 12:12)

23. Ama, ang kapayapaan mo nawa at proteksyon ay maranasan ng mga tao at bansa ng Poland. (Ps. 20:1)

24. Ama, dalangin namin na pagalingin mo nawa ang mga kababaihan sa Portugal na nakararanas ng labis na kabalisahan at depresyon dahil sa pandemic. (John 14:1)

25. Panginoong Diyos, pagpalain mo nawa ang mga naging bisita sa mga programa ng *Women of Hope* sa Romania na nagbahagi ng tulong sa iyong mga dakilang pagkilos at upang makapagdulot sila ng kalakasan sa maraming mga kababaihan. (2 Cor. 1:3-4)

26. Ama, nawa ang Gawain para sa mga Roma sa Serbia ay patuloy na lumago. Kasangkapanin mo ang pangkat ng Serbia na maibahagi sa mga kababaihang Roma na sila ay iniibig at tanggap mo. (Rom. 8:14-16)

27. Sa pakikipag inter-aksyon ng kabataang spanish sa social media at internet, nakatatanggap sila ng mga maling mensahe na nauuwi sa kanilang kawalang pag-asa at napapaisip na magpakamatay. Panginoon, ihayag mo nawa ang iyong pag-ibig, katotohanan at kapayapaan sa kanila. (Jer. 29:11)

28. O Diyos, ang mga simabahan nawa sa Sweden ay paunlakan ang iyong Espiritu na sila ay puspusin sa pananampalataya at pananalangin upang ang mga tao ay mailapit s aiyo at makita ang iyong kabutihan! (Ps. 34:8-9)

29. Panginoon, tulungan mo nawa ang mga Albanian na mga magulang na maunawaan ang benepisyo ng edukasyon at himukin ang kanilang mga anak na babae na tapusin ang pag-aaral. (Prov. 4:13)

30. Amang Diyos, dalangin namin na bigyan mo nawa ngg karunungan at kalakasan ang mga magulang sa Croati na itinataguyod ang kanilang mga anak sa panahong ito ng paghihirap. (Deut. 6:6-7)

31. Ama, dalangin namin ang pagkakaloob mo ng pondo na kailangan upang ang TWR Women of Hope sa Portugal ay patuloy na makapagministeryo sa mga kababaihan doon. (2 Cor. 9:8)


후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다


# Women of Hope

Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



**2023. 3.**

**Panalangin para sa mga kababaihang taga Europa1**

Pagkatapos ng taglamig kung saan parang ang lahat ay patay, pagdating naman ng tagsibol kung saan umuusbong ang bagong buhay, wala tayong pagpipilian kundi ang magpakumbaba sa harapan ng Diyos na lumikha ng daigdig na ito. Ang puso man na matigas na halos ay mamamatay na ay magiging mainit at malambot kapag nakakilala kay Jesus. Umaasa kami na ikaw ay mahigpit na nakakapit sa kapangyarihan ng Diyos na nagpapagaling sa ating katawan, isipan at kaluluwa.


**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

**Nawa'y ipanalangin po natin…**

1. Panginoon, pinupuri ka po namin na ang aming pangkat sa Albania ay kaakibat ngayon sa isang bahay-tuluyan para sa mga naabuso sa kanilang mga tahanan, ang Lighthouse Albania, naglilingkod sa mga kababaihan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga program ana mapupuntahan ng kanilang mga anak pagkatapos ng klase at tumutulong para sa bayad ng kanilang mga upa. (James 2:15-16)

2. O Diyos, gabayan mo nawa ang pangkat ng TWR Women of Hope sa Croatia na makahanap ng studio upang maisagawa na nila ang kanilang mga programa, na ngayon ay nakumpleto na sa isang pribadong tahanan. (Phil. 4:19)

3. Panginoon, nawa ang maraming mga nangungulilang tao sa Denmark ay masumpungan si Hesus bilang kanilang Tagapagligtas at kaibigan. Magsugo ka nawa ng mga mananampalataya na magpapalakas sa kanila. (John 15:15)

4. Ama naming nasa langit, dalangin namin ang karunungan, kalakasan at pagpapatuloy para sa tatlong mga tagasalin ng TWR Women of Hope prayer calendar sa Faroe Islands. (James 1:5)

5. Ama, magkaloob ka nawa ng paraan para makawala at magkaroon ng kumpletong kagalingan ang mga kababaihan sa Finland na nagdurusa sa pisikal at mental na pang-aabuso sa kanilang mga relasyon. (Ps. 18:48)

6. Panginoon, magkaloob ka po nawa sa pangkat ng German TWR Women of Hope ng pagiging malikhain sa pag-oorganisa at pagbubuo ng mga online na pagtitipon sa panalangin. (Matt. 18:20)

7. Ama, magkaloob ka po nawa ng isang kapatid na babae na mayroong puso na makipagusap at magministeryo sa mga Muslim na mga kababaihan sa North Caucasus gamit ang Salita ng Diyos. (1 Pet. 4:10)

8. O Diyos, dalangin namin ang tagasalin para sa mga devotional na libro na ninanais ng pangkat ng TWR Women of Hope sa Norway na maipadala sa kanilang mga kaakibat sa Gawain. (Phil. 4:19)

9. Ama, magbigay ka nawa ng mga totoong solusyon sa mga mambabatas sa Poland upang makalikha ng isang sistemang panglipunan na mangangalaga para sa mga ulila at walang mga tahanan. (Prov. 2:6)


Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils


10. O Diyos, dalangin namin na mawakasan ang karahasan sa pagitan ng mga nasa relasyon sa Portugal, na isuplong nawa ng mga biktima ang pang-aabuso at nawa'y mapatawan ng seryosong parusa ang mga nambibiktima. (Ps. 10:14)

11. Panginoon, tulungan mo nawa ang mga dalaginding na mga babae sa Romania na maiwaksi ang tukso na simulang makipagtalik bago pa ang kasal, na nasa panganib na mabuntis bagamat hindi pa sila handa para dito. (Ps. 119:9-11)

12. Pinupuri ka namin, o Diyos, na ang bawat kababaihan na humiling ng Bibliya ay nakatanggap mula sa pangkat ng Serbian Women of Hope. Ang iyong makapangyarihang Salita mo nawa ang bumago sa kanilang mga puso. (Ps. 119:105)

13. Ang mga batang kababaihan at mga dalaginding sa Spain ay nakararamdan ng presyur na sila ay makitulad sa klase ng pagpapahalaga ng isang lipunang labis ang pagkalantad sa kalaswaan. Panginoon, protektahan mo nawa ang kanilang mga isipan at katawan. (Rom. 12:2)

14. Ama, ipahayag mo nawa ang iyong sarili sa mga kabataan sa Sweden at tulungan mo sila na hanapin ang iyong kagustuhan sa mga desisyong magsisilbing batayan ng kanilang mga buhay. (Jer. 29:13)

15. O Diyos, protektahan mo nawa ang mga kababaihan sa Albania. Ang pagpatay sa Albina ay tumaas ng 13% nitong 2021, 1/3 nito ay mga babaeng pinatay ng miyembro ng kanilang pamilya at mga kinakasama. (Ps. 27:2)

16. Mahabaging Diyos, dulutan mo nawa ng biyaya at pag-unawa ang mga Kristiyanong kababaihan sa Croatia na may mga asawang hindi mananampalataya. Tulungan mo silang maging makadiyos na patotoo sa kanila. (1 Cor. 7:13-14)

17. Panginoon, dalangin namin ang mga pamilya sa Denmark na may mga kamag-anak na may karamdaman sa pag-iisip. Pumagitna ka po nawa at magdulot ng kagalingan sa kanilang mga puso at isip. (Isa. 35:3-4a)

18. Ama, sa isa kada lingo, ang antas ng pagpapatiwakal sa Greenland ay isa pinakamataas sa buong mundo. Ipahayag mo nawa ang iyong sarili at magdulot ka nawa ng pag-asa sa mga wala nito. (Prov. 17:22)

19. Panginoon, dinadalangin po ang pagbabago ng mga puso, ugali, at mga kagawian sa mga namumunod sa larangan ng Negosyo upang ang mga kababaihan ay pantay na mabayaran gaya ng mga lalaki sa parehong trabaho. (Isa. 1:17)

20. O Diyos, tulungan mo nawa ang pangkat ng German Women of Hope na epektibong masuportahan ang kanilang mga staff at maing mga internasyonal na mga proyekto sa pamamagitan ng epektibong komunikasyon, paghihimok at pananalangin. (Col. 1:9)